# NEOLOHISMO: ANG EBOLUSYON NG WIKA'T KULTURA

*by:*
**Lorna V. Galapon**
*Teacher III, Mariveles National High School- Poblacion*

"Chika tau l8r habang nagla-laps sa Jinasal." Nakalilito, nakakukunot-noo, ngunit kung "in" ka rito, makasasabay at mauunawaan mo. Ito ay isang halimbawa lamang ng tipikal na mensahe o usapan ng mga kabataang Pilipino sa panahon ngayon.

Ang wika ay buhay at dinamiko — ito ang isa sa mga katangian ng wika ayon kay Henry Gleason. Ito ay sumasabay sa takbo ng panahon at kultura. At isa sa patunay nito ay ang pag-usbong ng neologisms, o mga bagong salita sa Filipino — o mas kilala bilang slang o balbal, na nagpapakita ng patuloy na pagbabago ng bokabularyo at wikang Filipino.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang mga salitang balbal ay hindi lamang basta sumulpot; ang mga ito ay produkto ng malikhaing isipan ng iba't ibang sub-kultura. Isang matingkad na halimbawa nito ay ang Gay Lingo, isang barayti ng wika na umusbong mula sa pangangailangan ng homosexual community sa Pilipinas na magkaroon ng sariling pagkakakilanlan (Velasquez, 2023). Bagaman itinuturing na mababang antas ng wika, ang Gay Lingo ang naging pundasyon ng maraming modernong salita na kalaunan ay humalo na rin sa mga "salitang kalye" ng mga tambay at sa tanyag na "jejemon" na paraan ng pagtetext noong nakaraang dekada. Halimbawa na lamang ang terminong "Marites" na naging bansag sa mga tsismosa, at ang "Nagsha-sharon" na hango sa kanta ni Sharon Cuneta na tumutukoy sa pagbabalot ng pagkain mula sa handaan. Nariyan din ang "Geng-Geng" na termino para mga kabataan ngayon na naiiba ang bihis o fashion trend.

Sa kasalukuyan, ang mga online platforms gaya ng TikTok, Twitter, Instagram, at Facebook ang katalista sa mabilis na pagkalat ng mga ito. Minsan pa, tinaguriang "social

media capital" ang Pilipinas dahil sa pagiging una sa listahan sa paggamit ng World Wide Web, social media flatforms at iba't ibang Apps (Meltwater, 2025). Dahil sa bilis ng komunikasyon sa digital na mundo, ang isang terminong ginamit sa isang viral na video ay madaling nagiging bahagi ng pang-araw-araw na diskurso ng mga Gen Z. Ang teknolohiya ay hindi lamang naglalapit sa mga tao, kundi nagpapabilis din sa pagbabago ng ating mga salita (Fast Forward Life, 2024).

Ang neolohismo ay nagsisilbing salamin ng ating pagkakakilanlan. Ipinapakita nito na ang mga Pilipino ay mapagbiro at malikhain sa paggamit ng wika upang makabuo ng sariling komunidad. Gayunpaman, ang paggamit ng mga salitang balbal ay may dalang hamon, lalo na sa larangan ng edukasyon at pormal na komunikasyon.

Ayon kina Elizabeth et al., (2024), ang paggamit ng mga salitang balbal ay may negatibong epekto rin gaya ng pagkukulang sa kasanayan sa komunikasyon gamit ang karaniwang gramar at bokabolaryo, hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga grupo ng tao, pagbaba ng propesyonalismo, at maling interpretasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang neolohismo ay patunay na ang wikang Filipino ay hindi estatiko; ito ay humihinga at sumasabay sa agos ng modernisasyon. Nagbabago at mas nagiging katanggap-tanggap. Bagaman mahalaga ang pagyakap sa mga bagong terminong ito bilang bahagi ng ating nagbabagong kultura, at pang-araw-araw na pakikipagkominikasyon, Bagaman mahalaga ang pagyakap sa mga bagong terminong ito bilang bahagi ng ating nagbabagong kultura, mahalaga pa rin ang tamang pagpili kung kailan at saan ito dapat gamitin upang mapanatili ang kalidad ng ating pakikipagtalastasan.

*References:*

Velasquez, A. J. C. (2023). Semantikong histo-sikolohikal na pag-aaral: Piling balbal na salita ng mga batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. Journal of Indigenous Languages, 1(1), 1–15. https://orcid.org/0009-0005-0258-5529

Fast Forward Life (2024, October 10). The Filipino Gen Z Dictionary: A Playful Look at Language Evolution - FastForward MR. FastForward MR - FastForward Is a Boutique Market Research Agency in the Philippines. We Uncover Meaningful Narratives for and about Filipinos with Our Tech-Agnostic Approach. https://www.fastforward.life/the-filipino-gen-z-dictionary/

Elizabeth, M., Responte, C. G., Biyoyo, E. B., & Arnaldo, J. (2024). IMPLUWENSIYA NG BALBAL SA MAKRONG KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA IKALABING - ISANG BAITANG. ResearchGate, 2(5), 590–606. https://doi.org/10.5281/zenodo.11145925

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan